

## ARALIN 2

*Isa sa itinuturing na matandang anyo ng panitikan ang karagatan at duplo. Tinatawag itong tulang padula sapagkat ang mga ito ay nasusulat nang patula at ginagampanan ng mga tauhan. Tinatawag din itong dulang pantahanan sapagkat karaniwang idinaraos sa loob ng bahay o bakuran ng namatay. Nagiging parangal din ito sa namatay.*

*Alamin natin kung paano ipinahayag ng ating mga ninuno ang kanilang sariling pananaw, saloobin at damdamin sa kanilang kapanahunan.*

Nais kong unawain mong mabuti ang mga katangian ng karagatan na iyong matutunghayan.

### Ang Karagatan

1. Ito ay isang larong may paligsahan sa tula.
2. Ang kuwento nito ay batay sa alamat ng singsing ng isang dalaga na nahulog sa gitna ng dagat.
3. Pakakasalan ng dalaga ang binatang makakakuha ng singsing.
4. Sa larong ito, hindi kinakailangang “sumisid’ sa dagat ang binatang nais magkapalad sa dalagang nawalan ng singsing.
5. Ginaganap ang laro sa bakuran ng isang bahay.
6. May dalawang papag sa magkabila ng isang mesang may sarisaring pagkaing-nayon.
7. Magkaharap ang pangkat ng binata at dalaga.
8. Karaniwang isang matanda ang magpapasimula ng laro.
9. Maaaring magpalabunutan para mapili ang binatang unang bibigyan

ng dalaga ng talinghaga.

10. Maaari pa rin ang pagpili sa binata ay batay sa matatapatan ng tabong may tandang puti.

11. Bibigkas muna ng panimulang bahagi ang binata bago tuluyang sagutin ang talinghaga.

Halaw sa Talindaw nina Abueg, E.R. et. Al

### ANG KARAGATAN

(May isang mesang nakalagay ang mga paninda-mga garapon ng pagkain at mga de-bote. May dalawang dalaga at apat na binata sa paligid ng mesa. Maraming tao sa paligid. Isang matanda ang lalapit sa ponda.)

Tandang Terong: Humm... tila matagal nang nakasalang ang sinaing ay 'di pa nagagatungan.

Isang Manonood: Kailangang gatungan ang sinaing nang maluto't tayo'y makakain.

Maring: Ang kahoy na panggatong kaya 'di masindihan ay higit na marami ang nasa kalan kaysa kailangan.

Isa pang manonood: Tama si Maring. Ang isa'y malungkot kaya't naghahanap; dalawaha'y angkop at siyang anong sarap; ngunit pag nagtatlo'y isa na ang kalabisan. Kung 'di matiyak ni Neneng kung sino sa kanila ang kakausapin, mga kanayon ano'ng kailangan?

Lahat: Tanging paraa'y ang karagatan.

Inkong Terong: Ayos ka na ba, Neneng?

Neneng: Tumanggi man po ako'y walang mangyayari. Kagustuhan

rin ninyo ang masusunod.

Ingkong Terong: At kayong apat?

Apat na Lalaki : Opo.

Ingkong Terong: Akin na, Neneng ang iyong singsing. (Aabutin sa dalaga ang singsing at ihuhulog sa tubig na nasa garapon).

Kayong apat ay magpapalabunutan kung sino ang unang sisid sa singsing na inihulog ni Neneng. (Palabunutan).

At ikaw Berting ang unang sisid sa dagat ng pag-ibig upang makuha ang singsing.

Mga Tao: (Palakpakan)

Isang Tao: Pagbutihin mo, binata at si Neneng ay marami nang nailunod na talisuyo sa karagatan.

Berting: Magandang gabi sa inyong lahat

Mga nariritong kanayon ni Neneng

At sa iyo mutya'y muling nagpupugay.

Ipinangangakong nahulog mong singsing

Aking sisiri't sa iyo'y ibibigay

Tanda ng pag-ibig na walang hangganan.

Dahilan sa ako'y siyang nakabunot

Ng palitong itong nagpapahintulot

Ako ay sumisid sa dagat ng nais

At ang iyong singsing ay aking makamit

Ay katunayan nang Diyos ang pumili

Na ako ngang ito'y siya mong itangi.

Sumisid sa singsing na aking hinulog

Subalit 'di upang siyang maging irog

Kundi idaan lang muna sa pagsubok  
Kaya't sisirin mo ang tanong kong ito  
At singsing kong ito ay nang maangkin mo  
Ang singsing na itong linso't walang bato  
Turan mo'ng simula at ang dulo nito.

Berting: Tila ang bugtong mo'y sinlalim ng dagat

Na 'di matatarok ng isip kong pahat.

Kaya't iyong singsing nais mang makuha

Isa pang pagsubok ay hiling ko sinta.

Kulas: Ang pagkakatao'y isalin sa iba

Nang 'di masabing ikaw ay buwaya

Akong nabunot ng pang-ikalawa

Inaangkin hirang kanyang karapatan

Sumisid sa dagat ng singsing mong bugtong

Na siyang panumbas sa iyong pag-irog.

Neneng: Kung gayon, o, Kulas, iyo nang sisirin

Ang lalim ng puno't dulo niyang singsing.

Kulas: Singsing, aking Neneng, walang puno't dulo

Mayroon ngang simula at may wakas ito

Ang simula'y bilog nito na panloob

At ang katapusa'y panlabas na bilog.

Ganyan kung gawin, singsing ng pag-ibig

Haya't nasisid ko singsing mong nahulog.

Neneng: Iyan ang tanong diyan kay Lamberto

Kaya't heto naman ang para sa iyo;

Nang ika'y parito, pamula sa kanto

Ilang bahay, Kulas, ang naraanan mo?

May ilaw ay ilan, iyo sanang turan

Tingnan ko ang tibay pang-alaala mo?

Kulas: Salamat Neneng ko't iyang katanungan

Kay daling sagutin kaya't aking masasabing

Ako'y tanging mahal; Heto ang tugon ko:

Bahay, pito lamang at sa mga ito'y

Aking natandaan, apat ang may ilaw-

Ito'y patotoong isip ko'y malinaw.

Neneng: Kulas, ika'y mali sa iyong katugunan

Kaya't isasalin itong aking tanong

Sa sinong ikatlong sa tubig lulusong

At siyang sisid, sa singsing kong bugtong.

Nardo: Ako ang ikatlong dapat subukin mo

Kaya't iyong dinggin ang tugon ko'y:

Pamula sa kanto at hanggang sa rito

Walang bahay ni ilaw akong natandaan

Kundi itong ponda ni Neneng kong mahal.

Mga Tao: (Palakpakan at kantiyawan)

Neneng: Kung gayon ito naman ay tugunin

Pang-una sa ikatlong iyong sasagutin

Bakit ba ang tubig sa bilog na mundo

Hindi tumatapon walang ligwak ito?

Nardo: Sa abot ng isip narito ang tugon:

Tubig, bato't tao, at lahat sa mundo

Ay 'di tumatapon dahil sa ang globo

Ay isang malaki't mabisang magneto;

Hinihigop nito ang lahat ng narito

At sa kalawaka'y 'di tayo tutungo.

Mga Tao: Magaling! Mabuhay si Nardo!

Neneng: Pangalawang tanong, heto na't pakinggan

Paanong buwang sa langit ay tanglaw

Aking mahihipo't mapaglalaruan?

Ito'y pangarap nang ako'y musmos pa lamang

Kung talagang ako ay sadyang mahal mo

Paiirugan mo ang hiling kong ito.

Nardo: Salamat, O, Ina, sa pag-aaruga mo,

Noong ako'y munti't pinalalaki mo.

Isang paborito't ibig kong kuwento

Ay siyang panugon sa tanong na ito.

Sa pamamagitan ng isang salamin

Minumutyang buwan ay pabababain

Kahit sa kandungan ng mutya ko't giliw

Mapaglalaruang buwang hinihiling.

Mga Tao: Magaling! Iyan ang binata namin!...

Pakinggan natin ang tanong na ikatlo.

Nardo: Ako'y nakahanda sa pangatlong tanong

Singsing na nahulog aking sisisirin

Sukdang ikapugto ng hiningang tangan

Kung puso ng mutya'y aking maaangkin. Neneng: Ako'y nangangamba,

ako'y natatakot

Na ang huling tanong kaniyang masagot

Itong karagatan isang laro lamang  
Ngunit paglalarong birong totohanan  
Ayoko na yatang ito ay ituloy  
Baka sa sagutan ako'y maparool.

Ingkong Terong: Ituloy mo, apo, bahala na ako.  
Neneng: Kung gayon, Leonardo, tugunin mo ito.

Kung tayo'y makasal, ay nanaisin ko  
Na magpulot-gata sa bayang Mindoro  
Na ating sasakya'y binalsang kawayan  
Na bigkis ng lubid na pawang hinabi  
Sa buhanging pino't ikaw ang pipili.

Nardo: Neneng, aking mahal, sadyang mahal kita

Kaya't imposible'y pag-aariin pa  
Lubid na buhangin, aking pipiliin  
Kung pababaunan ng aking pagkain  
Bawat isang linggong kakailanganin  
Sa 'sang dahong ipil iyong babalutin.

Neneng: 'Di ba't ang hiling sa akin nanggaling  
Bakit ngayo'y ako ang pasusulitin?

Nardo: 'Pagkat paniwalang 'di ka sinungaling

Neneng: Ano ang batayan ng iyong pasaring?

Nardo: Salamat kung gayon, mutya ko at giliw

Ikaw ay may wikang tapat at matining  
Nang iyong sabihin tayo'y kakasalin  
Inakalang tapat ikaw sa paggiliw  
Kaya't sa problemang aking

Kahati ka sa tuwa't sa ligaya gayo'y din  
Ang buhanging lubid ay kaya kong gawin

Kung sa hirap nito'y kasalo ang giliw  
Neneng: Ayoko't 'di tama! 'Di pala kasal,  
Ni walang sintahan ay mag-aasawa na.

Nardo: 'Di nga mag-asawa ngunit may pagsinta!

Neneng: Ay sayang! Sayang na pag-ibig  
Sayang ang singsing kong nahulog sa tubig  
Kung ikaw rin lang siyang sisisid  
Mahanga'y hintin kong kumati ang tubig.

Tandang Terong: Sa unang pagkakataon ay nagkaganito ang apo ko.

Ako ang hahatol. Tama si Nardo.

Ang karagata'y simula lang ng kuwento  
Mula ngayon, Nardo, sa bahay pumanhik  
At doon mo ihibik ang iyong pag-ibig.

Pepito: (liling-iling at magkikibit ng balikat.)

Mga Tao: Mabuhay si Ingkong Terong! Mabuhay!

Mabuhay ang karagatan, aliwang Pilipino!

(Palakpakan)

**WAKAS**

Halaw sa Panitikang Pilipino  
nina Pineda, G.D at Ongoco, T.C



## Ang Duplo

1. Isa rin itong larong may paligsahan sa pagtula kaya maaari ring maringing tulang patnigan.
2. Ang mga lalaking kasali ay tinatawag na duplero at ang mga babae ay duplera.
3. Sila ay tinatawag na bilyako at bilyaka kapag naglalaro na.
4. Ang palmatorya ay isang tsinelas na ginagamit ng hari sa pagpalo sa palad ng sinumang nahatulang parusahan.
5. Ang parusa ay maaaring pagpapabigkas ng mahabang dasal para sa kaluluwa ng namatay.
6. Ang paksa ng pagtatalo ay tungkol sa nawawalang loro ng hari o kaya naman ay magsusumbong ang bilyako sapagkat hinamak ng isang bilyaka.
7. Ginaganap ito sa bakuran ng isang tahanan.
8. Tulad ng karagatan, ginaganap kapag may lamay o parangal sa isang namatay.
9. Nagpapatalas ng isip sapagkat ang pagmamatuwid ay daglian o impromptu.

10. Pinangungunahan ng isang matanda na gaganap na haring tagahatol.

Halaw sa Talindaw nina Abueg, E.R. et al.

### **ANG DUPLO:**

Ang Ibon ng Hari

Hari: Simulan na ang laro. Bumilang kayo.

Mga Bilyaka: Una, Ikalawa, Ikatlo.

Mga Bilyako: Una, Ikalawa, Ikatlo.

Hari: Tribulasyon!

Lahat: Tribulasyon!

Hari: Estamos en la Buena composicion.(Titindig)

Ang komposisyon ng tanan

ay paglalarong mahusay!

Ang magulo ay mahalay

Sa mata ng kapitbahay.

Mga binibini at mga ginoo,

Matatanda't batang ngayo'y naririto,

Malugod na bati ang tanging handog ko

sa pagsisimula nitong larong duplo.

Ang hardin ko'y kubkob ng rehas na bakal,

Asero ang pinto't patalim ang urang;

Ngunit at nawala ang ibon kong hirang,

Ang mga bilyaka ang nuha't nagnakaw!

Mga Bilyaka: Hindi kami ang nagnakaw.

Hari: Sino ang nagnakaw?

Bilyako 1: Kagabi po, hari, maliwanag ang b'wan;

May isang aninong aking natanaw;

Hindi sinasadya, nang aking lapitan

Isang babae po, iyang natagpuan.

At kitang-kita kong ikinubli niya.

Siya'y naririto at nasa tribuna,

Nagnakaw ng ibon ay isang bilyaka!

Hari: Diyata't bilyaka?

Sino sa kanila?

Bilyako 1: Sa unang hanay po.

Bilyaka 2: H'wag paniwalaan.

Siya'y bulaan!

(Magkakaingay)

Hari: (Sa lahat) Katahimikan!

(Sa Bilyako 1) Mapatototohanan?

Bilyako 1: Ako'y nalalaan!

Bilyaka 2: Kung kagabi lamang ang sinabi niya,

Hindi maaari't kami'y magkasama;

Kami'y namamasyal ng irog kong sinta,

Pa'nong mananakaw ang ibon sa hawla?

Hari: Kung hindi nga siya, sabihin kung sino

At pakaasahang parurusahan ko.

Bilyaka 2: Ang nuha ng ibo'y sa ikalawang hanay,

Doon nakaupo nang buong hinusay,

Walang iba kundi kanyang kasintahan (Ituturo.)

Kung hindi ay bakit ipinagsasanggalang?

Hari: Pinararatanga'y hindi umiimik,  
Tila nga may sala't dila'y nauumid. (Mag-iisip)

Sapagkat may sala

Heto, palmatorya! (Akmang papaluin)

Bilyako 2: Kaiingat kayo, O mahal na hari,

Mag-isip-isip ka't baka magkamali.

(Titigil ng pagsasalita bago magpapatuloy)

Nalalaman ko po kung sinong nagnakaw.

Aking ibubulong kung pahihintulutan.

Hari: Nagpapahintulot!

Bilyako 2: (Lalapit at bubulong)

Hari: Ipakakaon ko, talaga bang tunay?

(Siyang pagdating ng abay ng reyna)

Abay ng Reyna: Mahal na hari po, ibo'y aking dala,

Isasauli ko sa kinunang hawla;

Kagabi po ito'y kinuha ng reyna

Siya ay nag-aliw sa pangungulila!

Hari: Kung gayon ay walang dapat parusahan!

Ibalik ang ibon sa hawlang kinunan.

Kung uulitin pa'y ipagbibigay-alam

Nang huwag ang iba ang mapagbintangan.

Aba ng Reyna: 'Pinagbigay-alam sa inyong gward'ya,

Baka nalimutan at nalingat siya.

Hari: Maraming salamat, bilyaka't bilyako,

Ngayo'y tinatapos itong larong duplo.

Paalam sa lahat, salamat sa inyo,  
Muling magkikita pag naglaro tayo.

## WAKAS

Halaw sa Talindaw nina Abueg, E.R. et al.

## PAGPAPAGANDA NG PAHAYAG

Batay sa obserbasyon ang mga Pilipino ay pangkat ng mga tao na mapagpahalaga sa uri ng wika na ginagamit. Pansinin ang sumusunod na impormasyon.

1. Nauuri ang wika batay sa antas nito ayon sa:

a.paksa ng usapan

b.taong sangkot sa usapan

c.lugar

2. Mataas ang pandama o sensitibo sa mga pahayag na nagpapahiwatig lamang.

3. Gumagamit ng talinghaga para 'di tuwirang tukuyin ang nais ipahayag na nakatutulong upang lalong mag-isip ang nagsasalita

113

at kinakausap.

Sa kalahatan, umiisip ng magagandang salita o pahayag na kilala sa tawag na eupemismo. Ang paggamit ng magagandang pahayag ay naglalayong pahalagahan ang damdamin ng iba.

Sa halip na sabihing: Gumagamit ng:

1. patay sumakabilang buhay
2. nadudumi tawag ng kalikasan
3. iniwan ng asawa sumakabilang bahay
4. katulong kasambahay

Ang pagsasalita ay isa sa likas na gawain ng tao. Naipakikilala mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng mga salitang iyong ginagamit. Sa layuning hindi makasakit sa damdamin ng iba, sinisikap nating gumamit ng magagandang pahayag. Basahin ang mga salita at sikapin mong tumbasan ang mga ito ng eupemismo.

### **Aralin 1.2.2: TULA**

*Sa araling ito, tatalakayin natin ang isa sa mga tula na umusbong sa panahon ng pananakop ng mga Espanol. Ito ang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" na isinulat ng ating bayaning si Andres Bonifacio. Tatalakayin natin ang*

*nilalaman at ang sining na tinataglay ng tula bilang isa sa mga anyo ng panitikang Pilipino. Pag-aaralan mo rin ang mga pandiwang magagamit upang higit na maipadama ang ating emosyon o damdamin.*

*Ang iyong layunin sa bahaging ito ay mabasa at masuri ang tulang  
"Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" na isinulat ni Andres Bonifacio upang nang*

*sa*

*gayo'y malaman mo kung paano niya ipinahayag ang masidhing  
pagmamahal sa bayan. Upang lubos mong mapahalagahan ang tula,*

*kilalanin*

*mo muna si Andres Bonifacio.*

Si Andres Bonifacio ay ipinanganak noong ika-30 ng Nobyembre,  
1863. Ang kaniyang magulang ay sina Santiago Bonifacio at Catalina de

Castro. Nakatapos siya ng pag-aaral sa Mababang Paaralan ni

Guillermo Osmenia ng Cebu. Sa gulang na 14, ang

kaniyang mga magulang ay namatay kaya napilitan

siyang huminto sa pag-aaral upang alagaan ang nakababata niyang

kapatid

na babae at lalaki. Bilang hanapbuhay, sinabihan niya ang kaniyang mga

kapatid na tulungan siya sa paggawa ng kahoy na baston at papel na

pamaypay na ititinda niya sa mga lansangan.

Dahil sa marunong siyang bumasa at sumulat, naging ahente siya ng  
Fleming and Company, isang kompanya na nagtitinda ng rattan at iba pang

mga paninda. Subalit ang kaniyang kinikita ay hindi pa rin sapat na

pansuporta sa kaniyang mga kapatid. Lumipat siya sa Fressell and

Company

bilang ahente. Ipinakita niya ang kaniyang determinasyon at sipag kaya

naging matatag siya sa kaniyang trabaho.

Dinagdagan niya ang kaniyang kakulangan sa pag-aaral sa

pamamagitan ng pagbabasa at sariling pag-aaral. Kasama sa kakaunting

aklat na kaniyang binasa ay ang mga nobela ni Rizal na Noli Me Tangere  
at

El Filibusterismo, ang buhay ng mga Pangulo, Ang "Les Miserables" ni  
Victor Hugo (na isinalin niya sa Tagalog), Ang pagkasira ng Palmyra at  
Himagsikang Pranses, at iba pa. Nakasulat din siya ng mga artikulo at mga  
tula at isa na rito ang sikat na "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa".

Ang nabasa niyang mga aklat ang naging dahilan upang makaramdam  
siya ng paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa mga Español. Naitatag din  
niya ang Katipunan o KKK (Kataastaasang Kagalang-galangang Katipunan  
ng

mga Anak ng Bayan) noong ika-7 ng Hulyo, 1892, kasama sina Ladislao  
Diwa, Teodoro Plata at Deodato Arellano. Ang kaniyang asawa na si  
Gregoria de Jesus ang naging lakambini ng Katipunan. Ang samahang ito  
ay

mabilis na kumalat sa maraming bahagi ng Pilipinas.

Naramdaman ni Bonifacio na kaya na niyang simulan ang himagsikan  
noong Mayo ng 1896. Subalit, bago pa man siya magsimula, ang  
Katipunan

ay natuklasan na ng mga Español. Mahigit sa 1,000 katipunero ang  
sumama

sa kaniya sa Pugad Lawin, Caloocan noong ika-23 ng Agosto, 1896. Dahil  
sa

kakulangan ng mga armas, at kakaunti ang tumulong sa kanila, hindi sila  
nagtagumpay. Ito ang nagkumbinsi kay Magdiwang na anyayahan si  
Bonifacio sa Cavite para ayusin ang kanilang hidwaan at patuloy na  
magkaisa.



Isang pulong ang ginanap sa Tejeros, Cavite. Si Bonifacio ang namuno ng pagpupulong upang itatag ang Republika ng Pilipinas. Sa isinagawang halalan, si Emilio Aguinaldo ang nahalal na Pangulo, si Mariano

Trias ang Pangalawang Pangulo at si Bonifacio ang Kalihim. Hindi matanggap ni Bonifacio ang kinalabasan ng halalan. Ginamit niya ang kaniyang karapatan bilang Pinakamataas na Pinuno ng Katipunan,

upang mapawalang bisa ang halalan. Lumipat siya sa Naic, Cavite at bumuo ng sarili niyang pamahalaan at puwersa. Dahil ang mga sundalong Español sa

pamumuno ni Heneral Camilo de Polavia ay nagbabantang sakupin ang Cavite, inutusan ni Aguinaldo sina Pio del Pilar at iba pa na pawang binigyan

ng matataas na katungkulan na iwanan si Bonifacio at bumalik sa kanilang gawain.

Si Bonifacio kasama ang kaniyang pamilya ay umalis sa Naic at lumipat sa Indang, pagkatapos ay sa Montalban, Rizal. Nang malaman ni Aguinaldo

na si Bonifacio ay nasa Montalban, nagpadala siya ng kaniyang mga tauhan

dito upang siya ay arestuhin. Humarap si Bonifacio sa paglilitis dahil sa kaniyang gawain laban sa bagong pamahalan. Binigyan siya ng sentensiyang

bitay ng isang Militar na Hukuman. Ang mga tauhan ni Aguinaldo ang

nagsagawa ng kaparusahan sa kaniya sa kabundukan ng Maragondon,  
Cavite

noong ika-10 ng Mayo, 1897.

**Basahin at unawain:**

Pag-ibig sa Tinubuang Lupa  
ni Andres Bonifacio

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya  
sa pagkadalisyay at pagkadakila

Gaya ng pag-ibig sa sariling lupa?

Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Pagpupuring lubos ang palaging hangad

Sa bayan ng taong may dangal na ingat,

Umawit, tumula, kumanta't sumulat,

Kalakhan din niya'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog

ng may pusong mahal sa Bayang nagkukupkop,

dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,

Buhay ma'y abuting magkalagut-lagot.

Bakit? Alin ito na sakdal laki,

na hinahandugan ng buong pagkasi,

Na sa lalong mahal nakapangyayari,

At ginugugulan ng buhay na iwi?  
Ay! Ito'y ang Inang Bayang tinubuan:  
Siya'y ina't tangi sa kinamulatan  
Ng kawili-wiling liwanang ng araw  
Na nagbigay-init sa buong katawan.  
Kalakip din nito'y pag-ibig sa Bayan,  
Ang lahat ng lalong sa gunita'y mahal,  
Mula sa masaya't gasong kasanggulan  
Hanggang sa katawa'y mapasa-libingan.  
Sa aba ng abang mawalay sa bayan!  
Gunita ma'y laging sakbibi ng lumbay,  
Walang alaala't inaasa-asam  
Kundi ang makita'y lupang tinubuan.  
Pati ng magdusa't sampung kamatayan  
Wari ay masarap kung dahil sa bayan  
At lalong mahirap. Oh, himalang bagay!  
Lalong pag-irog pa ang sa kanya'y alay.  
Kung ang bayang ito'y masasa-panganib  
At siya ay dapat na ipagtangkilik,  
Ang anak, asawa, magulang, kapatid;  
Isang tawag niya'y tatalikdang pilit.  
Hayo na nga, hayo, kayong nangabuhay  
Sa pag-asang lubos ng kaginhawahan  
At walang tinamo kundi kapaitan,  
Hayo na't ibangon ang naabang bayan!  
Kayong nalagasan ng bunga't bulaklak

Ng kaho'y ng buhay na nilanta't sukat,  
Ng bala-balaki't makapal na hirap,  
Muling manariwa't sa baya'y lumiyag.  
Ipahandug-handog ang buong pag-ibig  
At hanggang may dugo'y ubusin itigis;  
kung sa pagtatanggol, buhay ay mapatid  
Ito'y kapalaran at tunay na langit!

Alam mo ba na...

Ang tradisyunal na tula ay mga pahayag na kadalasang nagtataglay ng sukat at tugma sa bawat taludtod, o ang mga salita at paraan ng pagbuo ng pahayag ay piling-pili, matayutay, at masining bukod sa pagiging madamdamin.

Ang sukat ay bilang ng mga pantig sa bawat taludtod, samantalang ang tugma ay pagkakasintunugan ng mga huling pantig sa bawat taludtod ng saknong.

May aliw-iw at indayog kung bigkasin ang tulang Tagalog dahil sa tinataglay nitong katutubong tugma. Magkakasintunog ang huling salita ng taludturan. Karaniwan nang gamitin ang wawaluhin at lalabindalawahing pantig ang sukat.

Mahalagang maipahayag natin nang malinaw at maayos ang ating damdamin at saloobin upang maunawaan tayo ng ating kapwa. Sa pagpapahayag ng ating emosyon o damdamin, makatutulong ang paggamit

ng mga pandiwang naglalarawan ng ating nadarama.

Ang mga pandiwang nagpapahayag ng damdamin ay may aspekto o panahunan. Hindi lamang ginagamit ang pandiwa sa pagsasaad ng kilos o galaw.

### ARALIN 1.2.2: SANAYSAY

*Ang karanasan ang nagtutulak sa tao upang siya ay makapagpahayag.*

*Maraming karanasan ang idinulot ng pananakop ng mga dayuhang*

*Español*

*sa loob ng mahabang panahon. Bagamat dumanas ng paniniil ang mga*

*Pilipino sa kamay ng mga dayuhan, hindi ito naging hadlang upang*

*ipahayag*

*nila ang kanilang pananaw, damdamin at saloobin.*

*Sa pagkakataong ito, isa pa ring akdang pampanitikan ang iyong*

*pagaaralan-*

*ang sanaysay. Gayundin, makikita ang kabisaan ng isang mahusay*

*na sanaysay sa pamamagitan ng maayos na pagkakahanay ng*

*pangunahin*

*at mga pantulong na kaisipan.*

Alam mo ba na ...

- (1) Si Dr. Jose P. Rizal ay ipinanganak noong Hunyo 19, 1861 sa Calamba, Laguna, araw ng Miyerkules sa pagitan ng ika-11:00 at 12:00 ng gabi.
- (2) Ang kaniyang ina na si Gng. Teodora Alonzo Y Quintos Realonda ay nahirapan sa panganganak sapagkat ang ulo ni Jose ay malaki kaysa karaniwan.
- (3) Ang kaniyang ama na si Don Francisco Mercado Rizal ay isinilang sa Biran, Laguna.
- (4) Bata pa lamang si Jose ay kinakitaan na ng angking talino sapagkat tatlong taong gulang pa lamang ay natutuhan na niya ang alpabeto. Nakasulat ng dulang itinanghal sa pista ng bayan at sa gulang na walo ay isinulat ang tulang nauukol sa kahalagahan at pagmamahal sa wika.
- (5) Natamo ni Jose ang unang pag-aaral sa kaniyang unang guro, ang kanyang ina. Samantala, naging guro naman niya si Justiniano Aquino Cruz sa Binan, Laguna.
- (6) Ipinagpatuloy niya ang pag-aaral sa Ateneo Municipal de Manila. Samantala, sa Unibersidad ng Santo Tomas siya nagsimulang magaral ng medisina subalit tinapos niya ito sa Unibersidad Central de Madrid.
- (7) Nakapagsalita siya ng dalawampu't dalawang wika.
- (8) Marami siyang naisulat na akdang pampanitikan tulad ng tula, dula, nobela, sanaysay, atbp.

(9) Maituturing na isang manggagamot, siyentipiko, makata, dalubwika, mananaliksik at pilosopo.

(10) Nagbuwis ng buhay para sa bayan. Binaril sa Bagumbayan na ngayon ay tinatawag na Luneta noong Disyembre 30, 1896 dahil sa paratang na panghihimsik laban sa mga Espanol.

(11) Kinikilalang pambansang bayani dahil sa sumusunod na salik:

a. Si Rizal ay kauna-unahang Pilipinong umakit upang ang buong bansa ay magkaisa-isang maghimsik laban sa mga Espanol.

b. Si Rizal ay huwaran ng kapayapaan.

c. Si Rizal ay may madulang pagkamatay.

Ang Katamaran ng mga Pilipino

ni Dr. Jose P. Rizal

(Ang matutunghayan ay isang

lagom sa Tagalog ng sanaysay na

“La Indolencia de los Filipinos,” na

nalathala sa La Solidaridad mula

noong Hulyo 15 hanggang Setyembre 15, 1890. Ang sanaysay na ito’y isinulat ni Rizal sa ikalawang pagtungo niya sa Europa. Isinulat niya ito bilang tugon sa paulit-ulit na upasala sa mga Pilipino na sila’y mga tamad.

Ang upasalang ito’y hindi tinutulan ni Jose Rizal sa kaniyang sanaysay.

Manapa’y inamin nga niya ang pag-aangkin ng katamaran ng kaniyang

mga

kababayan. At sa pag-amin niyang iyan ay nagbigay siya ng mga matuwid

kung bakit ang mga Pilipino ay masasabi ngang tamad. Narito ang

kaniyang mga matuwid.

Ang pangunahing sanhi ay ang mainit na singaw ng panahon. Kahit na ang mga banyagang nandarayuhan sa Pilipinas buhat sa mga bayang malamig ang klima ay nagiging tamad pagdating dito at ayaw humawak ng mabibigat na gawain. Sa bayang mainit ang panahon, kahit hindi kumilos ang isang tao, siya'y pinagpapawisan at hindi mapalagay. Wika pa ni Rizal: Ang mga Europeong naninirahan sa Pilipinas ay nangangailangan pa

ng mga tagapaypay at tagahugot ng sapatos, at hindi nagsisipaglakad kundi laging lulan ng kanilang karwahe, gayong masasarap ang kanilang kinakain at ginhawa ang kanilang kabuhayan. Sila'y malaya, ang bunga ng kanilang mga pagsisikap ay para sa kanilang sarili, may pag-asa sa kinabukasan, at iginagalang ng madla. Ang abang katutubo, ang tamad na katutubo ay kulang sa pagkain, walang inaasahan sa araw ng bukas, ang bunga ng kanilang pagod ay sa iba napupunta, at kinukuha sila sa paggawang sapilitan.

Sinasabing ang mga Europeo ay nahihirapan sa mga bayang mainit ang singaw ng panahon palibhasa'y hindi sila hirati sa gayong klima, kaya't karampatan lamang na dulutan sila ng balanang makapagpapaginhawa sa kanilang kalagayan. Datapuwa't ang wika nga ni Rizal, ang isang tao'y maaaring mabuhay kahit saan kung sisikapin lamang niyang ibagay ang kanyang sarili sa hinihingi ng pangangailangan.

Ang sikap at pagkukusa ay nawala sa mga Pilipino dahil din sa kagagawan ng mga Kastila. Ang mga Pilipino, nang bago dumating ang mga Kastila ay ginhawa sa kanilang kabuhayan, nakikipagkalakalan sila sa Tsina at iba pang mga bansa, at hinaharap nila ang pagsasaka, pagmamanukan, paghabi ng damit at iba pa. Kaya't mapagkikilalang nang



wala pa rito ang mga Kastila, ang mga Pilipino bagaman ang mga pangangailangan nila'y hindi naman marami, ay hindi mga mapagpabayang gaya ngayon.

Ang lahat ng industriya at pati na ang pagsasaka ay napabayaang sapagkat ang mga Pilipino'y hindi makapagtanggol laban sa pananalakay ng mga mandarambong buhat sa Mindanaw at Sulu. Paano'y ayaw pahintulutang makapag-ingat ng mga baril at iba pang sandata ang mga Pilipinong naiwan sa bayan habang ang iba'y wala at kasama sa mga pandarayuhang walang kabuluhan. Nang panahon ng Kastila'y maraming digma at kaguluhan sa loob ng bayan at maraming ipinapapatay. Isinalaysay ni Rizal ang nangyari sa isang pulong malapit sa Sebu, na halos nawalan ng tao sapagkat madaling nangabihag ng mga piratang buhat sa Sulu palibhasa'y walang sukat maipananggol sa sarili.

Ang pagsasaka'y napabayaang dahil pa rin sa sapilitang paggawa na ipinatutupad ng pamahalaan. Dahil sa maraming pandarayuhang ginagawa ng mga Kastila, kailangan ang walang tigil na paggawa ng mga barko, kaya't maraming Pilipino ang pinapagpuputol nila ng mga kahoy sa gubat upang magamit. Wala tuloy katiyakan ang kabuhayan ng mga tao kaya't naging mga mapagpabaya. Tungkol dito'y sinipi ni Rizal si Morga na nagsabi (sa kanyang Sucesos) na halos nakalimutan na ng mga katutubo ang pagsasaka, pagmamanukan, ang paghabi, na dati nilang ginagawa noong sila'y mga pagano pa hanggang sa mga ilang taon pa pagkatapos ng

pagsakop. Iyan ang naging bunga ng tatlumpu't dalawang taon ng sapilitang paggawa na ipinataw sa mga Pilipino.

Ang pamahalaan ay walang dulot na pampasigla upang ang mga tao ay mahikayat na gumawa. Pinatamlay ng mga Kastila ang pakikipagkalakalan sa mga bansang malaya, gaya ng Siam, Cambodia, at Hapon, kaya't humina ang pagluluwas ng mga produktong Pilipino at ang industriya ay hindi umunlad. Ang Pilipino'y hindi maaaring gumawa sa kanilang bukid kung walang pahintulot ng pamahalaan.

Bukod sa mga iyan, ang Pilipino'y hindi tumatanggap ng karampatang halaga sa kanilang mga produkto. Sinabi ni Rizal na alinsunod sa istorya, matapos alipinin ng mga encomendero ang mga Pilipino, sila'y pinagagawa para sa sarili nilang kapakinabangan, at ang iba nama'y pinipilit na sa kanila ipagbili ang inaani o produkto sa maliit na halaga at kung minsang wala pang bayad o kaya'y dinadaya sa pamamagitan ng mga maling timbangan at takalan.

Alinsunod pa rin kay Rizal, ang lahat ng negosyo'y sinasarili ng gobernador, at sa halip pukawin ang mga Pilipino sa kanilang pagpapabaya, ang iniisip lamang niya'y ang kanyang kapakanan kaya't sinusugpo ang ano mang makaaagaw niya sa mga pakinabang sa pangangalakal.

Mga kung anu-anong kuskos-balungos sa pakikitungo sa pamahalaan, mga "kakuwanan" ng pulitika, mga kinakailangang panunuyo at "pakikisama," mga pagreregalo, at ang ganap na pagwawalang-bahala sa kanilang kalagayan,- ang mga iyan ay naging pamatay-sigla sa paggawang kapaki-pakinabang.

Nariyan pa ang halimbawang ipinamalas ng mga Kastila: pag-iwas sa pagpaparumi ng kamay sa paggawa, pagkuha ng maraming utusan sa bahay, na para bang alangan sa kanilang kalagayan ang magpatulo ng

pawis, at ang pagkilos na animo'y kung sinong maginoo at panginoon na ipinaging palasak tuloy ng kasabihang "para kang Kastila,"- ang lahat ng iyan ay nagpunla sa kalooban ng mga Pilipino ng binhi ng katamaran at pagtangi o pagkatakot sa mabibigat na gawain.

At ang wika pa ng mga Pilipino noon: "Bakit gagawa pa? Ang sabi ng kura ay hindi raw makapapasok sa kaharian ng langit ang taong mayaman." Ang sugal ay binibigyan ng luwag, at ito'y isa pa ring nagpapalala ng katamaran.

Ang Pilipino'y hindi binibigyan ng ano mang tulong na salapi o pautang upang maging puhunan. Kung may salapi man ang isang Pilipinong magsasaka, ang natitira, matapos bawasin ang buwis at iba pang impuwesto ay ipinambabayad naman niya sa kalmen, kandila, nobena, at iba pa.

Kung ang mga pananim ay pinipinsala ng balang o ng bagyo, ang pamahalaan ay hindi nagbibigay ng ano mang tulong sa mga magsasaka, kaya ang mga ito ay inaalihan ng katamaran.

Walang pampasiglang ibinibigay sa pagpapakadalubhasa. May isang Pilipinong nag-aral ng kimika sa Europa, ngunit hindi man lamang siya pinag-ukulan ng pansin.

Ang katamara'y pinalulubha pang lalo ng di mabuting sistema ng edukasyon. Ganito ang wika ni Rizal:

"Iminulat palibhasa sa halimbawa ng mapagbulay-bulay at tamad na pamumuhay ng mga monghe, ang mga katutubo nama'y walang ginawa kundi iukol ang kanilang buhay sa pagkakaloob ng kanilang salapi sa simbahan dahil sa inaasahang mga himala at iba pang kataka-takang

bagay. Ang kanilang kalooban ay nagayuma; buhat sa pagkabata ay wala silang natutuhan kundi ang pagkilos na parang mga makina na hindi nalalaman ang buong kabagayan. Kataka-taka bang ang ganitong maling pagmumulat sa isip at kalooban ng isang bata ay magbunga ng kahambalhambal

na mga pagkakasalungatan? Iyang walang puknat na pagtutunggali ng isip at ng tungkulin... ay humantong sa pananamlay ng kanyang mga pagsisikap, at sa tulong ng init panahon, ang kaniyang walang katapusang pag-aatubili, ang kaniyang mga pag-aalinlangan ay siyang naging ugat ng kaniyang katamaran.”

Ang sistema ng edukasyon, na isang kawil ng mga pagmamalupit, ay nagpatamlay sa halip na magpasigla sa Pilipino. Siya’y nagkaroon ng mababang pagkakilala sa sarili at pagwawalang-bahala sa paggawa. Ang isa pang nagpalala sa katamaran ng mga Pilipino ay ang kawalan nila ng damdamin bilang isang bansa palibhasa’y pinagkaitan sila ng karapatang makapagtatag ng mga samahan na magbibigay sa kanila ng pagkakataong magkaunawaan at magkaisang damdamin.

Palibhasa nga’y walang bansang kinaaaniban, ang mga Pilipino’y hindi nagkaroon ng pagkabahala sa ano mang kahirapang dinaranas ng mga tao.

Patay ang apoy ng kanilang pagsisikap, at walang sukat makaganyak sa kanila na mag-ukol ng panahon at sigla alang-alang sa kaunlaran at kasaganaan ng kanilang Bayan.

Ang sabi ni Rizal: “Ang edukasyon ay siyang lupa, at ang kalayaan ay siyang araw, ng sangkatauhan. Kung walang edukasyon at walang kalayaan, walang pagbabagong maisasagawa, walang hakbang na

makapagdudulot ng bungang ninanais.”

### **Sanaysay**

Sinasabing ang

sanaysay bilang akdang

pampanitikan ay huling

nakakita ng liwanag sa

larangan ng panitikan. Ang sanaysay ay naglalahad ng pananaw at opinyon ng sumulat tungkol sa tiyak na paksa.

### **Uri ng Sanaysay**

Sa pangkalahatan, dalawa ang uri ng sanaysay- (1) ang pormal o impersonal na sanaysay at (2) ang di-pormal o personal na sanaysay. Tumatalakay sa mga seryosong paksa ang pormal na sanaysay, tulad ng kamatayan, agham, pag-unlad, kabihasan samantalang magaan ang mga paksang matatagpuan sa di-pormal, tulad ng paghihintay sa bus, kahit na ng pagtulog. Ang kapormalan ng una ay nagdidikta ng uri ng wika nito- di malapit o nakikipaglayo, siyentipiko, may himig na nag-uutos, mataas, istandard. Ang pagkamalapit ng impormal na sanaysay ay nagmumungkahing ang lenggwahe nito ay

parang nakikipag-usap, mainit, mataginting, kung minsa'y garapal ngunit mapagnilay-nilay rin sa ibang paraan. Unang makatatawag ng pansin sa kaisipan, bago sa damdamin ang pormal na sanaysay; kabaligtaran sa di-pormal.

### Mga Tiyak na Uri ng Sanaysay

May 12 natatanging uri ng sanaysay: (1) pasalaysay, (2) naglalarawan, (3) mapagdili-dili, (4) kritikal o mapanuri (5) didaktiko o nangangaral, (6) nagpapaalala, (7) editoryal, (8) maka-siyentipiko o makaagham, (9) sosyo-politikal, (10) sanaysay na pangkalikasan, at (11) sanaysay na bumabalangkas sa isang tauhan.